
# KALIGTASAN SA SUNOG SA BAHAY




FIRE KILLS
LET'S PREVENT IT

Filipino




## Alam mo bang...?

- Ika'y mga walong beses na mas malamang na mamamatay sa sunog kung wala kang gumaganang smoke alarm sa iyong bahay.
- Halos kalahati ng mga sunog sa bahay ay sanhi ng mga aksidente sa pagluluto.
- Dalawang sunog sa isang araw ang nagmula sa mga kandila.
- Tuwing anim na araw ay may



# Pag-iingat sa iyong mga smoke alarm

- Gawing bahagi ng iyong regular na gawain sa sambahayan ang pagsusuri sa iyong mga smoke alarm.
- Subukan ang mga ito sa pamamagitan ng pagpindot sa button hanggang sa tumunog ang alarm. Kung hindi ito tumunog, kailangan mong palitan ang baterya.
- I-vacuum ang inyong mga smoke alarm kada anim na buwan para tanggalin ang alikabok.
- Kung ang smoke alarm ay nagsimulang mag-beep nang regular, kailangan mong palitan agad ang baterya.
- Kung ito ay sampung taon na alarm, kakailanganin mong palitan ang buong alarm bawat sampung taon.


## Iba pang kagamitan na maaari mong isaalang-alang


- Ang mga kumot pansunog ay ginagamit upang patayin ang apoy o balutin ang isang tao na ang mga damit ay nasusunog. Ang mga ito ay pinakamahusay na itinatago sa kusina.

- Tingnan kung malinis ang mga toaster at nakalagay nang malayo sa mga kurtina at roll ng napkin sa kusina. Ang karamihan sa mga toaster ay may natatanggal na pansalo ng mga piraso ng tinapay upang matulungan kang panatilihin itong malinis.
- Panatilihing malinis at maayos ang oven, hob at grill . Ang naipon na taba at mantika ay maaaring pagmulan ng apoy.

## Pagprito gamit ang maraming mantika

- Mag-ingat kapag nagluluto gamit ang mainit na mantika – madali itong magliyab.
- Siguraduhing tuyo ang pagkain bago ito ilagay sa mainit na mantika para hindi ito tumalsik.
- Kung ang mantika ay nagsimulang umusok – ito ay masyadong mainit. Patayin ang init at hayaang lumamig.






- Gumamit ng electric deep fat fryer na kinokontrol ng thermostat. Hindi sila pwedeng mag-overheat.

## Ano ang gagawin kung ang kawali ay nasusunog


- Huwag makipagsapalaran. Patayin ang init kung ligtas itong gawin. Huwag kailanman magtapon ng tubig sa ibabaw nito.
- Huwag mong apulain ang apoy nang iyong sarili.**Sa kusinaMagluto**

RESISTANT

## Mga kandila

**Siguraduhing ligtas ang mga kandila sa tamang lalagyan at malayo sa mga materyal na maaaring magliyab – tulad ng mga kurtina.**


- Patayin ang mga kandila kapag lumabas ka ng kuwarto, at tiyaking ganap na walang nakasinding kandila sa gabi.
- Hindi dapat iniiwang mag-isa ang mga bata na may nakasinding kandila.
- Pag-isipang gumamit ng LED o de-baterya na kandila.
- Ilayo ang mga alagang hayop sa nakasinding kandila.
- Panatilihing hindi naaabot ng mga bata ang mga posporo at lighter.
- Bilhin lang ang mga posporo at lighter na hindi madaling pakialamanan ng mga bata.




## Ano ang gagawin kung may harang ang iyong daanan palabas

**Kung hindi ka makalabas, papuntahin ang lahat sa isang kuwarto, mainam kung may bintana at telepono.**

•


PANATILIHING
WALANG HARANG
PANATILIHING
WALANG HARANG



Kung sakaling may sk8tg, lumabasa81